BC CANCER BREAST SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Breast Screening

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa screening mammography

***Ang BC Cancer Breast Screening ay nagbibigay ng libreng screening mammograms.***

**Ano ang screening mammogram?**

Ang mga mammogram ay mga x-ray ng mga suso na pribadong ginagawa ng isang specially-trained na babaeng technologist. Ang screening mammogram ay binubuo ng apat na images (dalawa mula sa bawat suso) na naghahanap ng nakatagong kanser kung ikaw ay nasa mabuting kalusugan (walang mga sintomas) at hindi ka pa kailanman nagkaroon ng kanser sa suso. Kung may nararanasan kang mga sintomas, halimbawa, may bukol o may lumalabas sa utong, dapat mo kaagad puntahan ang iyong health care provider upang malaman kung may ibang kinakailangang testing.

**Ano ang nangyayari kapag ginagawa ang isang mammogram?**

1. Ilalagay ng isang babaeng medical radiation technologist ang iyong suso sa isang special x-ray machine.
2. Gagamit ng isang plastic plate upang panatilihin sa lugar ang iyong suso nang ilang segundo.
3. Parang pinipisil nang kaunti ang iyong suso habang ginagawa ang x-ray. Kinakailangang gawin ang compression upang ikalat ang breast tissue at upang iwasan ang pagkilos na siyang maaaring magdulot ng malabong retrato. Ito'y maaaring di-komportable, pero karaniwang hindi ito nagtatagal nang mahigit sa 10 segundo.
4. Apat na retrato o x-ray ang kukunin -- dalawa mula sa bawat suso.
5. Titingnan ng technologist ang kalidad ng mga retrato upang siguraduhin na mababasa ito ng radiologist. Pagkatapos, kung kinakailangan ay kukuha ng mga karagdagang retrato ang technologist.

**Bakit mahalaga ang mga mammogram?**

- ☑ Ang mga mammogram ay nakakasagip ng buhay. Nakakatulong silang humanap ng kanser kapag ito'y maliit pa, kung kailan mas maraming mga opsyon sa treatment at mas mahusay ang chance na mag-recover.
- ☑ Ang mga mammogram ay karaniwang nakakahanap ng mga bukol dalawa o tatlong taon bago mo sila makapa, o bago sila makapa ng iyong health care provider. Ayon sa research, nabawasan nang 25 porsiyento ang kamatayan mula sa kanser sa suso sa mga táong regular na nagpapa-screen.
- ☑ Ang risk para sa kanser sa suso ay tumataas habang tumatanda. 80 porsiyento ng mga kaso ng kanser sa suso ay nadidiyagnos sa mga babaeng 50-taong-gulang o mas matanda.
- ☑ Humigit-kumulang sa 1 sa bawat 8 babae sa BC ang magkakakanser sa suso sa kanilang buhay.

**Ano ang mga limitasyon at iba pang mga konsiderasyon sa mammography?**

- Hindi pareho ang itsura ng lahat ng mga suso sa isang mammogram. Maaaring gawing mas mahirap o mas madaling makita ang mga kanser depende sa iyong edad o breast density. Sa pangkalahatan, ang screening mammograms ay hindi kasing bisa kung ikaw ay mas bata dahil ang iyong breast tissue ay karaniwang mas dense.
- Ang ilang mga kanser ay hindi nakikita sa isang mammogram dahil sa lokasyon ng kanser o dahil sa density ng iyong breast tissue. Mga 25 porsiyento ng mga kanser sa mga 40-49 taong-gulang ay hindi nade-detect ng isang screening mammogram, kumpara sa mga 10 porsiyento ng mga táong mahigit sa 50-taong-gulang.
- Karaniwan ay siyam na porsiyento ng mga na-screen sa pamamagitan ng BC Cancer Breast Screening ay mangangailangan ng karagdagang testing upang mas matingnan ang isang ispesipikong lugar sa suso. Hindi ibig sabihing may nakitang kanser – 95 porsiyento ng mga tinawag muli para sa karagdagang testing ay walang kanser.
- Ang mga mammogram ay gumagamit ng mababang dosis ng radiation. Ang regular na pagpapa-mammogram ay may mas maraming benefits kaysa sa risks ng paglantad sa kaunting dami ng radiation.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa benefits at mga limitasyon ng mga mammogram: www.screeningbc.ca/breast

## Mayroon ba akong magagawa upang maghanda para sa aking mammogram?

- ☑ Subukang mag-iskedyul ng isang appointment kapag ang iyong mga suso ay pinaka-hindi sensitive (sa loob ng 10 araw mula ng iyong huling regla).
- ☑ Magsuot ng two-piece outfit na may pang-itaas na nabubuksan sa harap. Hihilingin kang tanggalin ang iyong pang-itaas hanggang sa baywang.
- ☑ Huwag gumamit ng deodorant, pulbos, creams o lotions sa araw ng appointment. Ang mga produktong ito ay maaaring mag-iwan ng residue at ginagawa nilang mas mahirap basahin ang iyong mammogram.
- ☑ Mainam din kung iiwasan mo ang caffeine nang ilang mga araw bago ng iyong exam.

Dapat kang regular na magpa-screen kung ikaw ay transgender na may chest (breast) tissue o ikaw ay nagpapa-gender-affirming hormone therapy. Bisitahin ang screeningbc.ca/breast para sa karagdagang impormasyon.

### Sino ang dapat magpa-screening mammogram?

Ang screening mammograms ay available para sa mga babae sa BC na 40-taong-gulang at mas matanda. Maaari kang diretsong tumawag upang i-book ang iyong appointment.

| Edad | Gaano kadalas dapat magpa-screen? |
|---|---|
| **40-74**<br>ina, anak na babae, kapatid na babaeng may kanser sa suso | **Inirerekomenda bawat taon.** |
| **40-49**<br>walang kasaysayan nito sa pamilya | **Available bawat dalawang taon.** Kausapin ang iyong health care provider upang malaman kung kailan sisimulan ang screening. |
| **50-74**<br>walang kasaysayan nito sa pamilya | **Inirerekomenda bawat dalawang taon.** |
| **75+** | **Available bawat dalawa hanggang tatlong taon.** Kausapin ang iyong health care provider upang malaman kung kailan ititigil ang screening. |

Ang screening mammograms ay inirerekomenda bawat taon. Kung ikaw ay 30-74 táong-gulang at mayroong isa man lamang sa mga sumusunod: You are a BRCA1 or BRCA2 carrier;

- Ikaw ay BRCA1 o kaya BRCA2 carrier;
- Ikaw ay untested na first degree relative (mismong kapamilya) ng BRCA1 o kaya BRCA2 carrier;
- May kasaysayan ka talaga sa pamilya ng kanser sa suso, o kaya
- Dati kang nagpa-chest wall radiation.

Kausapin ang iyong health care provider para sa impormasyon at referral.

### Paano ba ako gagawa ng isang screening mammography appointment?

| Diretsong mag-book sa mga sumusunod na screening centres: | | | |
|---|---|---|---|
| Abbotsford | 604-851-4750 | Nanaimo | 250-716-5904 |
| Burnaby | 604-436-0691 | North Vancouver | 604-903-3860 |
| Comox Valley | 250-331-5949 | Penticton | 250-770-7573 |
| Coquitlam | 604-927-2130 | Prince George | 250-645-6654 |
| Delta | 604-877-6187 | Richmond | 604-244-5505 |
| Kamloops | 250-828-4916 | Surrey | 604-582-4592 |
| Kelowna | 250-861-7560 | Vernon | 250-549-5451 |
| Langley | 604-514-6044 | White Rock | 604-535-4512 |
| Vancouver | 505-750 West Broadway | | 604-879-8700 |
| | 5752 Victoria Drive | | 604-321-6770 |
| | BC Women's Health Centre | | 604-775-0022 |
| | Mount St Joseph Hospital | | 604-877-8388 |
| Victoria | 305 - 1990 Fort Street | | 250-952-4232 |
| | Victoria General Hospital | | 250-727-4338 |
| Other locations | Client Services Call Centre | | 1-800-663-9203 |

Para sa listahan ng mga karagdagang centre locations at mobile mammography service, mangyaring bisitahin ang www.screeningbc.ca/breast. Mangyaring ihanda sa iyong tabi ang iyong BC Services Card/CareCard at pangalan ng iyong health care provider kapag tumawag ka upang mag-book ng iyong appointment. Mga oras ng Call Centre: Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am - 5:30 pm at Sabado, 8:30 am - 4:30 pm

### Kontakin Kami

BC Cancer Breast Screening
801-686 West Broadway
Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-800-663-9203
Email: screening@bccancer.ca
Web: www.screeningbc.ca/breast

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Ang anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon ay dapat ipadala sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca o kaya email: screening@bccancer.ca). Ang brochure na ito ay available din sa ibang mga wika, kabilang ang Punjabi at Chinese. Bisitahin ang www.screeningbc.ca upang makuha ang mga bersiyon na isinalin sa ibang mga wika.



Version: September 2022